

# Paggamit ng mga Respirator, Facemasks, at Mga Takip sa Mukha sa Sektor ng Pagkain at Agrikultura Sa panahon ng Coronavirus Disease (COVID-19) Pandemya

Pinapayuhan ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang paggamit ng mga simpleng panakip sa mukha na tela upang mapabagal ang pagkalat ng virus at tulungan ang mga taong walang kamalayan na mayroon silang virus mula sa pagkalat nito sa iba. Ito ay humantong sa mga katanungan mula sa Sektor ng Pagkain at Agrikultura tungkol sa kung ano ang mga respirator, disposable facemasks, tulad ng mga kirurhiko o medikal na maskara, o mga panakip na tela sa mukha ay pinaka-angkop para sa iba't ibang mga tagpo. Ang mga detalye na ito, ay binuo sa pakikipagtulungan sa CDC, ay nagbibigay ng mabilis na sanggunian sa mga item na ito na potensyal na isinusuot ng mga manggagawa sa Sektor ng Pagkain at Agrikultura. Ang mga respereitor, mga madaling gamiting facemasks, o mga panakip sa mukha na tela ay dinisenyo at isinusuot para sa iba't ibang mga layunin tulad ng inilarawan sa talahanayan sa ibaba.

Kung, bago ang pandemya ng COVID-19, kinailangan mong magsuot ng respereitor o magagamit na facemask sa trabaho, batay sa isang pagtatasa sa peligro sa lugar ng trabaho, dapat mong ipagpatuloy ito.

## Respirator, Disposable Facemasks at Panakip sa Mukha na tela:

### Respirators



N95



Elastomeric

- Pinoprotektahan ng mga Respirator ang mga nagsusuot mula sa paghinga sa mga mapanganib na kontaminado sa hangin.
- Ang mga Respirator ay kinakailangang kagamitan para sa mga manggagawa na nagsasagawa ng ilang mga trabaho sa Sektor ng Pagkain at Agrikultura.
- Kung kinakailangan mong gumamit ng isang respirator para sa iyong trabaho, dapat mong ipagpatuloy ito.

### Disposable Facemasks



Disposable Facemask

- Ang mga Disposable Facemasks, tulad ng mga kirurhiko o medikal na maskara, ay hindi mga respirator at hindi pinoprotektahan ang nagsusuot mula sa paghinga sa maliliit na mga partikulo, gas, o kemikal sa hangin.
- Ang mga Disposable Facemasks ay kumikilos bilang isang proteksiyon na hadlang upang maiwasan ang mga splashes, sprays, malalaking patak, o splatter mula sa pagpasok ng bibig at ilong ng nagsusuot. Ang proteksiyon na kalidad ng mga Disposable Facemasks ay nag-iiba depende sa uri ng materyal na ginamit upang gawin ang facemask.
- Ang mga Disposable Facemasks ay makakatulong din na maiwasan ang may suot na kumalat pa ang mga paghinga na may droplets.
- Dahil ang mga Disposable Facemasks ay nakakatulong upang maiwasan ng nagsusuot mula sa pagkalat ng mga patak ng paghinga, maaari nilang mapabagal ang pagkalat ng virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang pagsusuot sa kanila ay maaaring makatulong sa mga taong hindi sinasadya na mayroong virus mula sa pagkalat nito sa iba.

### Pantakip sa Mukha na Tela



Telang pantakip sa Mukha

- Ang mga telang pantakip sa mukha, bigay man ng mga employer or dala ng manggagawa mula sa bahay, ay hindi respirators o disposable masks at hindi nagbibigay ng proteksiyon laban sa pagkaexpose
- Ang mga telang pantakip ay laan lamang upang makatulong sa nagsusuot na hindi maikalat ang mga droplets mula dito.
- Sa ganitong pamamaraan, ang CDC ay nagrekomenda ng paggamit ng tela para ipantakip sa mukha upang mapabagal ang paglaganap ng virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang pagsusuot nito ay makakatulong sa mga taong walang kamalayan na meron silang virus sa pagpapasa nito sa ibang tao.
- Ang mga manggagawa ay maaring magsuot ng telang pangtakip sa mukha kung ang paggamit ng respirator or ang disposable facemask ay HINDI kinakailangan base sa lugar ng trabaho or antas ng peligro.
- Kung hindi praktikal na gumamit ng telang pantakip sa buong araw na pagtatrabaho, lalo na kung nababasa, nadudumihan or nakokontamina, ang facemask or tela ay kailangang palitan kung tuwing kinakailangan.
- Ireview ang impormasyon ng tamang paraan ng pagsusuot at pagaalaga sa telang pantakip.

## Mga Konsiderasyon para sa Paggamit ng Telang Pantakip sa Mukha

Ikonsidera ang mga sumusunod kung pipiliing magsuot ng telang pangtakip sa mukha upang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19. **Tamang pagsuot at pag-aalaga ng telang pantakip sa mukha.**

- I-maintain ang pantakip ayon sa mga parameter ng [FDA's Model Food Code](#) sections seksyon 4-801.11 Clean Linens and 4.802.11 Specifications, bilang naangkop.
- Labhan ang muling ginagamit ng pantakip sa mukha bago gamiting araw-araw.

Ang telang pantakip ay dapat na:

	<b>Takpan ang ilong at ibaba ng baba</b>		<b>May maraming layer ng tela</b>
	<b>Ilapat ng mahigpit ngunit komportable sa gilid ng pisngi</b>		<b>Siguraduhing makakahinga ng ayos</b>
	<b>Siguraduhing matibay ang tali or ang pangsukbit sa tenga.</b>		<b>Maaring malabhan at patuyuin gamit ang dryer ng hindi nasisira at nagbabago ang anyo</b>

**IMPORTANTE:** [Malinis na kamay](#) ay isang importanteng paraan ng pag kontrol at pagpigil ng impeksyon. Hugasan ang kamay ng sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo pagkatapos na magsuot, humawak, at mag-alis ng respirators, masks, or telang pantakip sa mukha.

Ang paggamit ng telang pangtakip sa mukha sa lugar ng trabaho ay gagamitin lamang pangalawa sa iba pang mga kontroladong hakbang, tulad ng mga ginagawang paraan sa pagimplementa ng pagdistanya sa karamihan, mga partiyon at panangga at iba pang mga kagamitang administratibo tulad ng madalas na paglilinis ng at magdidisenpect na protocol.

Kung ikaw ay may simtomang nakakaramdam ng pagkakasakit, manatili sa bahay.

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang CDC's [Use of Cloth Face Coverings to Help Slow the Spread of COVID-19](#).

### Karagdagang impormasyon:

Kung ikaw ay nangangasiwa ng isang bukid, pasilidad o esblishimento at nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng mga suplays o, PPE o, mga proteksyon sa mukha, maaring makipag-ugnayan sa FEMA at [NBEOC@max.gov](mailto:NBEOC@max.gov).

Matutu pa ng tungkol sa mga regulasyong naayon sa face masks tingnan ang: [Enforcement Policy for Face Masks and Respirators During the Coronavirus Disease \(COVID-19\) Public Health Emergency \(Revised\) Guidance for Industry and Food and Drug Administration Staff](#) Abril 2020.